Class 499.211 No. B28
no. 191 L
Presented by V. 23

H. H. BARTLETT COLLECTION
ON THE PHILIPPINES NO. 191 L V. 23

Buhay ni San Juan
Bautista

1963 1929

D. LUIS REMEDIOS,

PRESBITERO, CANÓNIGO DE GRACIA DE ESTA SANTA IGLESIA CATEDRAL Y SECRETARIO DE CÁMARA Y GOBIERNO DEL ARZOBISPADO DE MANILA, ETC.

CERTIFICO: que á una instancia presentada por D. Roman de los Angéles, en solicitud de licencia de impresion; S. E. I. el Arzobispo mi Sr. se ha servido decretar lo siguiente:

"Manila 8 de Febrero de 1886 —Por la presente y por lo que á Nos toca, concedemos la licencia necesaria para que se pueda imprimir el manuscrito tagalo, en verso, titulado: BUHAY NI SAN JUAN BAUTISTA; en atencion á que de nuestra órden ha sido examinado, y no contiene segun la censura cosa alguna contraria al dogma católico y sana moral; antes bien su publicacion podrá ser provechosa á los fieles. Líbrese por Secretaría copia certificada de este decreto, al interesado, y archívese original."

Y en cumplimiento del preinserto decreto, libro la presente en esta Secretaría de mi cargo á ocho de Febrero de mil ochocientos ochenta y seis.

LUIS REMEDIOS.

BUHAY NI S. JUAN BAUTISTA

SINIPI SA HISTORIA NANG MÁRTIR DEL GÓLGOTA.

Nang malalapit na ang piling panahon
na ipananaog ni Jesus na Poon
lumitao ang tauong mabañgis at pusong
ñgala,i, si Herodes na taga Escalon.
Ang lintic at culóg ay nananambulat
sa gabing madilim nang siya,i, lumabas
nagpaquilala ñgang matinding panghampas
sa sang Galilea,t, boo niyang anac.
Sapagcat ito ñga,i, parang isang bahâ
lahat nang masagui ay iguiniguibà
parang isang lintic cun macasagasà
nalang tumatayo,t, susunuguing pauà.
At si Antipater ang ñgalan nang ama
minahal nang César na hari sa Roma
at malaquing tulong ang guinaua niya
nang bacahin nito ang Alejandría.
Caya,t, si Herodes nang siya,i, tumuntong
hustong dalauang puo at lima pang taon
nagpaquitang bañgis parang isang Leon
mapusoc ang loob parang tauong pusóng.
Hiniling nang ama sa hari sa Roma
na ipagcaloob ang reinong Judea
sa caniyang anac siyang magcorona
ipinayag naman sa hiling nang ama.
Sabihin pa baga ang laqui nang toua
nitong si Herodes nasunod ang nasa

na siya ay maguing hari ngang daquila
ang pusong masaquim ngayo,i, sasagana.
Nguni at ang palad niya,i, napalihis
sapagcat tinalo siya at dinaig
nang capangagao niya sa coronang nais
ngala,i, Antigono na haring malupit.
Ito nga ang hari sa lupang Judea
ibig ni Herodes maagauan niya
di anong gagauin ay tinalo siya
palibhasa,i, di pa oras na talaga.
Caya nacaligtas at hindi napatay
ay nagmamadaling siya,i, nagtumanan
nagtago sa isang castillong matibay
sabihin ang hapis manga calumbayan.
Ang castillong ito,i, na sa sa Idumea
at sa isang suloc nang Arabia Petrea
dito namalagui sa buntong hininga
at pag hihinagpis sa nasapit niya.
Isang gabi ngani caniyang naisipan
lihim na lumacad parang nagtumanan
nilacbay na bigla ang Egiptong bayan
humarap sa Reina Cleopatra ang ngalan.
At ang Reinang ito,i, balita sa ganda
dito naquiusap na tulungan siya
cay Marco Antoniong caibigan niya
mangyaring macuha ang reinong Judea.
Siya,i, pinatuloy sa Ciudad nang Roma
at may dalang sulat nang Reina Cleopatra
matanto ni Marco sinabi pagdaca
sa boong Senado nitong lacad nila.
Siya,i, inayunan naman nang Senado
sapagcat may galit sa cay Antigono
sa pag hinging tulong niya sa taga Parto
daquilang caauay nang manga Romano.

Tinangap nañga reinong pabuisan
cahiman at siya,i, alipin nang tunay
nang hari sa Roma ay mag hari lamang
ang lilong Herodes punong casaquiman.
Siya,i, nangyacag na nang mañga soldado
nag gayac nang agad nang malaquing hocbo
pinaca general ay si Verutidio
pagdaca,i, lumacad bibihag nang reino.
Nang si Antígono dinatnang balita
lacad ni Herodes na may dalang digma
pagdaca,i, gumayac at pinapaghanda
ang mañga soldadong matapang na paua.
Saca pinagtibay ang canilang moog
cun salacayin ma,i, hindi mapapasoc
ay siyang pag dating nang mag sisiloob
sabihin ang gulo nang ito,i, mag doop.
Hindi tiniguilan cun hindi naguiba
ang tangulan nilang matibay na cuta
hocbo ni Herodes siyang pag sagasa
umagos nang dugo na anaqui ay baha.
Siya nang pag pasoc sa loob nang Ciudad
banderang romana tambing iniladlad
ang haring Herodes sa trono,i, naaquiat
di masabing tua sa quinamtang palad.
Ang lahat nang campon nang caniyang caauay
nalang pinatauad na isa mang buhay
lalo na,t, may aring sucat na masamsam
hindi sumasala dito sa lanuang.
At nang mag tibay rao ang tañgang corona
cusang pinalayas ang caniyang asaua
naquita ang ganda nang isang Princesa
dito napacasal yaong palamara.
Ñgala,i, Mariamne at apo ñgang tunay
nang haring Hircano sa Judeang bayan

sa cay Pompeyo bihag at talunan
na dala sa Roma,t, na sa bilangoan.
Mag mula na noo,i, ang haring Herodes
nag paquitang bañgis malabis nang lupit
pag cacabihira sa camunting galit
ang sino ma,t, ali,i, papataying pilit.
Uala ñgang naquita sa balat nang mundo
na tauong malupit na paparis dito
at ang bienan mang haring si Hircano
hindi nacaligtas na putlan nang ulo.
At gayon din naman ang esposang hirang
na si Mariamne ay ipinapatay
at sampo nang Ina Alejandrang mahal
at dina na aua cusang idinamay
At gayon din naman yaong anac niya
ang ñgala,i, Felipo ay idinamay pa
sa tacot at baca iganti ang Ina
bunying si Mariamne na parang esposa.
Ano pa,t, ang buhay nitong si Herodes
pauang casaquiman caramuta,t, lupit
dinaig ang tanang leo,t, tigreng ganid
na hindi mag sauang pumutol nang liig.
Sa panahong ito,i, may isang lalaqui
banal na matanda lahing sacerdote
ñgala,i, Zacarias mabait mabuti
loob ay malubay maauaing dati.
Siya,i, may asaua maganda,t, mabait
lahi ni Aaron ñgala,i, Elisabet
sila,i, minamahal nang Dios sa Langit
palibhasa,i, banal loob ay malinis.
Isang arao ñgani siya,i, nag babantay
itong Zacarias pagca,t, catungculan
sa templo nang Sion siya,i, nag aalay
sa Dios niyong incienso,t, camanyang.

Pagdaca,i, nanaog na galing sa Langit
ang Angel nang Dios na labis nang diquit
liuanag nang muc-ha ay nacatutulig
at naca sisindac ang anyo at tindig.
Sa may dacong canan nang altar nang Sion
ang Angel nang Dios ay doon tumuntong
ang bunying Zacarias nang siya,i, luminggon
naualan nang diua pagcaquita noon.
Ang uica nang Angel huag cang matacot
bagcus icatua nang puso mo,t, loob
ang pagparito co,i, sa utos nang Dios
ang mangã hiling mo ngãyo,i, itutulot.
Sa sasabihin co icao,i, maniuala
at ang esposa mo cahima,t, matanda
talaga nang Dios mag caca-anac ngã
nang isang lalaquing banal na mistula.
At ang batang yaon capag napalual
ang itatauag mo,i, ang pangãlang Juan
siyang mag dadala sa caniyang bayan
nang lugod at tua sa puso nang tanan.
Sapagca ngã,t, siya,i, mamahaling lubos
sa bayang Israel niyong poong Dios
sa loob pa nang tiyan nang ina ay puspos
cacasihang graciang lubhang maalindog.
Siyang mangũngũna bilang magtatanyag
sa pag parito niyong mahal na Mesias
cabanalan niya,i, tulad cay Elias
siya,i, mangãngãral tuloy mamiminyag.
At ang mangã tauong ayao maniuala
cun siya,i, maringig magbabagong cusa
caniyang bibinyagan parang pag hahanda
sa bagong darating na Poong daquila.
Pagcasabi nito nang Angel nang Dios
ang bunying matanda,i, nauala ang tacot

at malaquing tua ang nasoc sa loob
ngũni at hindi rin maniualang lubos.
Caya ngã,t, ang sagot aco,i, matanda na
at gayon din naman ang aquing esposa
di na mangyayari na magca anac pa
paris nang sabi mo sa aquin at badya.
Sa sagot na ito ay parang nagalit
ang Angel na sugo nang Dios sa Langit
siya ay nilingon mata,i, nanlilisic
at saca nangusap nang gayaring sulit.
Aco ay si Gabriel ngayo,i, quilanlin mo
at isa sa Angel sa Langit na Reino
aco ay malapit sa daquilang trono
niyong Poon nating Dios na totoo.
Aco ang pinili na naguing utusan
mag sabi sa iyo nang lahat cong saysay
at saca ngayon ay mag aalangan
sa paniniuala sa sabi cong tanan.
Sa nangyaring ito,i, ang iparurusa
sa iyo nang Dios ay mapipipi ca
dila,i, mauumid at mabibingi pa
hangang sa matupad ang pasabi niya.
Itong Zacarias ay nahintacutan
at ang Angel nama,i, nauala pagcuan
sa oras ding yao,i, napipi nang tunay
at di macadingig cahima,t, sigauan.
Sabihin pa baga ang malaquing lumbay
nang loob at puso ang luha,i, bumucal
hindi na natupad yaong catungculan
sa Templo nang Sion niyong pag babantay.
Lumabas sa Ciudad at tinahac niya
ang lupa at bayan niyong Galilea
tinapat ang lupa nang bayang Samaria
hustong limang arao na lumacad siya.

Nang siya,i, dumating sa Ciudad nang Naim
ito ngã ang bayan nila ni Isabel
sumalubong naman ang esposang guilio
malaqui ang tua sa caniyang pag dating.
At saca nag sabi esposo co aniya
aco,i, diningig din nang bunying si Jehová (1)
dini sa tiyan co,i, nararamdaman na
at di malalaon ay maguiguing ina.
Dini sa tiyan co,i, parang cumiquilos
yaring aquing anac talaga nang Dios
ano esposo co ano,t, di sumagot
sa sinasabi cong tua niyaring loob.
Ang abang matanda,i, hindi man umimic
palibhasa,i, bingi at ang dila,i, umid
nag buntong hininga at bago nanangis
dahil sa parusa nang Dios sa Langit.
Ang Virgen María nama,i, sasalitin
niyong mabati na nang mahal na Angel
nagcatauan tauo na yaong Poon natin
lumapit cay Josef na esposong guilio.
Aco aniya Poon ay ibig dumalao
sa cay Elisabet na mahal cong pinsan
sa pagca ngã ngayo,i, icaanim na buan
nang caniyang anac sa loob nang tiyan.
Ang Poong San Josef naman ay pumayag
si María,i, sumama na sa nangaglalacad
patungo sa Naim mangã camag-anac
lumacad na silang lumabas sa Ciudad.
Canilang tinahac ang mangã lupain
niyong mangã tribu Isacar Benjamin
Manases Samaria naman ay gayon din
hangang sa inabot ang Ciudad nang Naim.

---

(1) Jehová ay ang Dios.

Ang bunying Isabel dinatnang balita
ang Vírgen María,i, dadalao ang sadya
pagdaca,i, nanaog sinalubong nañga
halos ay lumuha sa malaquing tua.
Sa pagca nña,t, siya,i, naguing parang lua
niyong maulila ang Vírgen María
caya nña naman laguing alaala
sa loob at puso itong pinsan niya.
Pagcaquita nña pagdaca,i, nagyacap
dalauang magpinsan sa malaquing galac
sandaling natiguil di nacapañgusap
ang dalauang puso na nagcacayacap.
Ang Vírgen María ang bumating una
ang capayapaan camtan mo aniya
casihan carin nña nang mahal na gracia
sampon nang bunña mong sa tiyan ay dala.
Ang bunying Isabel nama,i, nacaramdam
ang bata,i, lumucso sa loob nang tiyan
pagcaringig niyong bating lubhang mahal
nagtalic sa tua ang batang si Juan.
Caya,t, si Isabel ay sumagot agad
aniya,i, icao nña,i, babaying mapalad
pinagpala ca nang bucod sa lahat
sampon nang bunña mong dinadalang anac.
Parang naquiquita nitong si Isabel
na may bunñang dala sa tiyan ang Vírgen
bunñang hinihintay nang boong Israel
ang bunying Mesías sasacop sa atin.
Nang maquita niya na diman umimic
ulo,i, nacatunño nang Vírgeng mabait
umulit pa mandin itong Elisabet
nang bating malubay gayari ang sulit.
Saan caya galing yaring capalaran
ang Ina nang Dios aco ay dinalao

pagcaringig co na nang bati mong mahal
lumucso sa tua anac co sa tiyan.
Ang sagot nang Virgen yaring calolona
nag pupuring tunay sa Dios na ama
ipinagdarangal tanang aua niya
mag pacailan ma,t, mag paualang hanga.
Pagca,t, naguing dapat yaring cababaan
at pagca aliping ualang cabuluhan
itinaas niya hangang sa marangal
na sa anac niya,i, maguing Inang tunay.
Sapagcat nahabag mahal niyang loob
sa bayang Israel niyong pagca ayop
at ang Dios Anac ay pinapanaog
nang caniyang sacupin itong sang sinucob.
Nang may roon nang manga tatlong buan
nang pagcacatahan nang Virgeng timtiman
siyang panganganac nang caniyang Pinsan
nang isang lalaquing puspos cagandahan.
Sabihin ang tuà nitong mag asaua
at nagpasalamat sa Dios na Ama
sila,i, binigyan nang icaliligaya
nang canilang pusô sampong caloloua.
Nagcatipon nanga ang camag-anacan
at pinag usapan itong bagong litao
cun ano ang dapat na maguing pangalan
di mangag caisa ang loob nang tanan.
Ang uica nang iba ang pangalang dapat
na ating ilagay ay ang Zacarias
sa ngalan nang Ama ay ating tulad
ang ina,i, sumagot nang gayaring saad.
Ang iniibig co na maguing pangalan
nitong aquing bunsò ang pangalang Juan
pinagcaisahan niyong caramihan
itanong sa Ama ang magugustuhan.

Sapagcat ang Ama,i, di macapañgusap
sa tanong na cumpas nang camag-anac
huminñi nang pluma at siya,i, sumulat
Juan ang pañgalan nang bunso cong anac.
Pagcatapus nito siya,i, nacadinig
at nacapañgusap itong piping umid
sapagcat tapos na parusa nang Lañgit
nang di maniuala sa Angel na sulit.
Ang Vírgen María nama,i, napaalam
at siya,i, omoui sa sariling bayan
quinuha ang bata at caniyang hinagcan
na pinacahigpit bago pinanauan.
Sabihin pa baga itong mag asaua
sa malaquing tuà sila ay nag fiesta
di masabing galac niyong bayan nila
sa capañganacan cay Juan Bautista.
At panahon naman nang haring Herodes
casiglahang lubha nang paminniyapis
sa isang hinala ó camuntinggalit
agad hahatulan puputlan nang liig.
Sa guitna nitong mañga caguluhan
at pag papahirap sa tauo sa bayan
nang dumating yaong tatlong haring mahal
galing sa malayong lupang silañganan.
Ang haring Herodes ay napapahilig
sa caniyang catre dahilan sa saquit
lagui nang balisa at di man maidlip
binabacang lagui nang gauing malupit.
Parang naquiquita ang tanang guinaua
mañga calupitan pagcaualang aua
ang buhoc at balbas ay uban nang madla
at ang mañga mata,i, malalim na paua.
At nañgiñgitim na culay nang catauan
ang muc-ha at pisnñi buto,t, balat lamang

ano pa,t, sucat na ang iyong pagmasdan
napagquiquilalang mabañgis na tunay.
Na cung ipapatay ang sino ma,t, alin
at maringig niya ang dinaingdaing
malaqui ang tua,t, parang naaalio
ang bacal na puso nitong tauong balio.
Nacaupo naman sa tabing hihigan
yaong si Salomeng capatid na tunay
saca si Alejo na asauang mahal
sila ang sa hari siyang nagbabantay.
Sila,i, nacatiguil at di umiimic
hindi man maringig ang canilang voces
sa tacot at baca ang hari magalit
sa pagcacahimlay na parang maiidlip.
At manacanacang sila,i, nag susuob
nang manga pabañgo na pinauusoc
saca mauupo halos di cumilos
sa haring malupit malaqui ang tacot.
May anim na puong taon ang sinapit
siyang naguing edad nang haring Herodes
ano pa,t, tumanda sa bañgis at lupit
pumatay nang tao manamsam manlupig.
Manga pisngi niya,i, pauang mauumboc
ang caniyang ilong ay namamaloctot
ang manga mata pa,i, pauang nanlolooc
napagquiquilalang malupit na loob.
At sa muc-ha niya,i, maraming lumitao
manga manchang bilog mapupulang tanda
napagquiquilala yaong casamaan
hangang sa tumanda ay caniyang inasal.
Yaong si Herodes ay parang na gulat
luminñon-linñon na sa licod at harap
saca tinitigan ang coronang batbat
nang yaman at hiyas na sa caniyang harap.

Ang manga anac co,i, nagpipilit aniya
macuha nang agad ang aquing corona
at ang caguinoohan nang bayang Judea
siyang casabuat at caalam nila.
O cong bucas disin aco ay mabuhay
cung ualang magaua tanang carunungan
sa dala cong saquit maguing cagamutan
ang manga médico,i, pauang mamamatay.
Naringig mo baga bayao cong Alejo
huag mong limutin bucas ay ibig co
iyong ipadaquip lahat nang médico
huag may sasala at ipabitay mo.
Malaquing totoo ang hirap at saquit
na dinaramdam cong di co na matiis
nginangayngay manding nang masidhing áspid
ang aquing sicmurá puso co at dibdib.
At catacot tacot ang hirap na ito
dico matutuhan ang gauin cun ano
mong cabuluhan ang hari man aco
cun ganitong hirap ang tinitiis co.
Yaong si Salomé quinuha pagdaca
nilaguian nang gamot yaong isang tasa
bago iniabot aniya,i, uminom ca
at nang matahimic ang saquit mong dala.
Inabot ni Herodes at saca nagturing
ieao nanga lamang natingin sa aquin
at itong si Alejong esposo mong guilio
cayo lamang naman aquing mamahalin.
Nguni,t, ano caya ang gaua sa Roma
nang manga anac co at di maalaala
mangaghandog doon nang icacacaya
upanding gumaling ang canilang ama.
Di maalaala ang sila,i, maghandog
sa cay Esculapio nang inahing manoc

balahibo,i, itim nang ipagcaloob
dini sa saquít co,i, ituro ang gamot.
Ang mañga anac mo uica ni Alejo
hindi hinahañgad iyang pag galing mo
bagcus nag sumbong ñga cay César Augusto
lahat nang masamá na guinagauá mo.
Aco,i, isinumbong uica ni Herodes
ano caya naman ang minamatuid
narito ang sulat cay Alejong sulit
ñgayo,i, basahin mo,t, nang iyong mabatid.
Matapos mabasa,i, nagalit na agad
o mañga anac co cayo,i, mag iiñgat
aco,i, isinumbong sa haring mataas
aco rao malupit tampalasa,t, sucab.
Aquin dao pinatay ang canilang Ina
na si Mariamne uala namang sala
ang canilang nuno namang si Alejandra
gusto co rao lamang ang patayin sila.
Sapagcat aco rao ay mamumuisan
uica ni Augusto ay quinacailañgan
ang aco,i, humarap macapag sangalang
sa sumbong na itong mañga casalanan.
Sabihin pa baga ang malaquing galit
nang haring Herodes nang ito,i, mabatid
ñgipi,i, nagtutunog nang ito,i, mag ñgalit
dinaig ang tigre,t, mañga leong ganid.
Uica ni Salomé magpaca himanman
himutin ang anac sampon pa nang César
alalahanin mo yaong cagalinñgan
niyang iyong saquít mahaba nang arao.
Oo ñga ang sagot nitong haring sucab
di sucat ibigay sa aquin iyang sulat
sagot ni Alejo doon po nag buhat
sa Roma,t, padala nang haring mataas

Cun ang Emperador aco,i, itinulac
nang macapaghari sa Judeang Ciudad
uica ni Herodes di mumunting pilac
na ipadala co at nang macabayad.
Caya aco naman ngayon ay hari na
at hari ngang tunay dito sa Judea
aco ang hahatol aco ang justicia
at ang lupang ito ay aquing aquin na.
Cun aco,i, gumauá nang masamang bagay
sapagca nga dapat siyang catouiran
aco,i, paroroon at magsasangalang
anong panganib co cung nangagsumbong man.
Pagca sabi nito,i, pumasoc pagdaca
ang isang aliping culay parang tinta
pagdaca,i, tinanong nang siya,i, maquita
ano baga Singo anong iyong pita. (1)
Haring panginoon ang sagot ni Singo
ay si Verutidio general romano
ibig macausap ang camahalan mo
malaqui rao bagay caya naparito.
Pinapasoc nanga naturang general
ang turbante,t, banda,i, pauang maquiquinang
lumapi,t, sa hari,t, humalic nang camay
saca nagsalita nang puspos na galang.
Ang uica si Marte ay sa pag dirigma
si Apolo nama,i, siyang sa payapa
sila ang mag cupcop itangol din naua
ang panginoong co at haring daquila.
Dinguin ca rin naua sagot ni Herodes
nang sinasabi mong marangal na dioses

---

(1) Si Singo ay isang africano na maitim ang culay at alipin ni Herodes, ito ang gumanap nang lahat nang utos nang panginoon.

ngãyo,i, maupo ca,t, iyong ipag sulit
bagay nang lacad mo,t, nang aquing mabatid.
Marangãl na hari sagot nang general
iuan mo ang banig tanang caramdaman
sapagcat dumating na magsisidalao
tatlong mangã Magos na haring marangãl.
Ang pagcasasabi may sinundan sila
talang maliuanag bucod at caiba
paghahanapin dao ang Hari sa Judá
Mesías na hula nang mangã Profeta.
Ang haring Herodes biglang napagulat
bumabá sa catre at tumindig agad
si Salomé naman at asauang liyag
lumapit at baca ito ay malagpac.
Pagdaca,i, tumugtog na pinacatanda
pag tauag nang hari sa mangã alila
di caalam alam ay sasisipot ngã
ang batang si Singong dating catiuala.
At bago tumanong aniya,i, Verutidio
saan naroroon ang sinasabi mo
na animo,i, tatlong mangã Haring Mago
na ibig mag sadiya at dumalao dito.
Ani Verutidio sa haring Herodes
sa pintó nang lumang Palacio ni David
sapagcat gabi na,i, doon nagsi ligpit
caya,t, naparito nang iyong mabatid.
Uica ni Herodes dito sa cay Singo
icao ay mag ilao at pagtipunin mo
ang mangã soldadong mangã herodiano
at dalhin mo dito yaong tatlong Mago.
At icao Alejo tipunin mong lahat
mangã Sacerdotes at mangã Escribas
na nacatatantó niyong profecías
sila,i, magcatipon sa sadiya cong salas.

Saca icao naman bunying Verutidio
ipunin mong lahat ang legion romano
cayong lahat ngã,i, mag biglang parito
tumayó sa pintó nang aquing palacio.
At icao Salomé capatid cong ibig
iyong ipag tanong yaring aquing saquit
sa tanang médico,t, canilang isulit
ang icagagaling nang iyong capatid.
Pauang nag si alis yaong inutusan
at nang maganap ngã mangã catungculan
ang haring Herodes napag-isang tunay
nag buntong hininga saca humandusay.
Sino caya aniya yaong bagong anac
na hari sa Judá ang itinatauag
cun siya,i, mahulog ay cahabaghabag
sa mangã camay co,i, pilit mauutas.
Ang coronang ito ay aquin ngang tunay
ang magnasa dito,i, capalit ang buhay
cahabaghabag siya cun pagnanasaan
corona co,i, cunin pilit mamamatay.
Mapamayamaya,i, dumating si Singo
anang hari nasaan yaong mangã Mago
pagliuanag dao sila ay hintin mo
at hindi sasalang sila,i, paparito.
Ang tanong nang hari ay marami baga
ang mangã vasallo na canilang dalá?
iilan po lamang ang mangã casama
aco,t, ang sama co,i, mapapatay sila.
Ang tanong nang hari, mangã taga saan?
ang sagot ni Singo,i, taga Silangãnan
sa dacong «la India» at gayon ang saysay
nang mangã soldado nilang casamahan.
At yaong dalaua,i, mangã taga Persia
ó sa tinatauag namang Siluncia

uica ni Herodes cun gayon aniya
aayao parito cun di sa umaga.
Di na po malaon ang sagot ni Singo
mag-uumaga na tila sa banta co
huag ca pong mainip magsisiparito
macacausap mo yaong tatlong Mago.
Di caalam-alam sa darating naman
yaong si Alejo na sa haring bayao
ang uica sa hari narito nang tanan
ang manga doctores nang Judeang bayan.
Ang guinaua naman nang haring Herodes
nag corona muna at bago nagtindig
siya napaguitna sa manga doctores
at manga marunong tanang Sacerdotes.
Aniya,i, marangal Sacerdote,t, pantas
cun caya co cayo ngayo,i, pinatauag
aco man ay hari dito,i, tumutupad
sa ley ni Moisés ninyong guinaganap.
Sa pagnanasa co na aco,i, sumamba
sa iguinagalang ninyong Dios na isa
ngayon ang tanong co,i, inyong ipagbadya
Mesías na hula nang manga Profeta.
Na cun saan baga siya iaanac
yaong paririto na bagong Mesías
sa Belen nang Judá ang sagot nang lahat
at gayon ang hula nang manga Profetas.
Sabihin pa baga ang haring Herodes
natulig ang puso nang ito,i, maringig
nacahalata rin tanang Sacerdotes
sa anyo nang hari niyong pagcatulig.
Caya,t, yaong isang matanda sa lahat
ang siyang nagtindig at saca nangusap
aniya,i, Herodes na haring mataas
sa sasabihin co icao,i, maquimatyag.

Casasabi mo pa na icao ang una
sa Ley ni Moisés na cumiquilala
dapat mong matanto na matutupad na
ang hula ni Daniel masidhing Profeta.
At ang mañga arao nang Verbong Mesías
na tangulan naming mañga israelitas
ay nalalapit na,t, pilit na sisicat
sa may Palestina ay mamamanaag.
Ang lahat nang hula ay matutupad na
nahabag din naman ang bunying si Jehová (1)
sa lahi ni David pinalitao niya
ang talá ni Jacob na lubhang masaya.
Sa mauica ito nang bunying matandà
ualang nacaimic cahit cacatagà
puso ni Herodes parang iniiuà
ualang naisagot sa gayong salità.
Saca nagsalita ang uica,i, salamat
sa inyong doctores, sacerdotes, pantas
at nasagot ninyo ang nasa cong lahat
masunod din naua iyang inyong hañgad.
Caming lahat nañga ang sagot sa caniya
mañga vasallo mo,i, mag sisitalima
hangang sa lumitao tiquis maquisama
mahal na Mesías sa tauong lahat na.
Saca napaalam sa haring Herodes
nang mapag isa na,i, puso,i, natutulig
parang naquiquita ang sabi at sulit
nang mañga Profeta,t, mañga Sacerdotes.
Naquiquita niya ang pag tatagumpay
nang Verbong Mesías na bagong lumitao
dalá ang bandilang mulang silañganan
iniuauagay-uay hangang calunuran.

---

(1) Jehová ay ang Dios.

Mañga panambitan nang pinatay niya
parang nariringig nitong palamara
ang madlang pag sumpá nang bayang Judea
ualang pagcatapos na saquít na dala
Sapagcat ang bagong Hari ay lumitao
siya,i, ilalagpác sa tronong loclocan
saca itatapon sa malayong bayan
para nang leproso na casuclamsuclam.
Nag tindig na biglá na parang naguicla
na limbag sa muc-ha ang bañgis nang furia
at nag uicang hindi mangyayari aniya
na macuha nila ang tañgang corona.
Ang coronang ito ay aquin ñgang tunay
at di mangyayaring macuha nino man
ano mang masapit di co bibitiuan
hangang may camunting buhay sa catauan.
At cung mangyayari aquing pang lipulin
ang lahat nang tauo sa boong Israel
ang boong hocbo co ay palalabasin
siyang pagcatapus sampong Jerusalem.
Mapamayamaya,i, dumating si Singo
ang uica sa hari ñgayon po,i, narito
ang hinihintay mong tatlong Haring Mago
naroon sa salas cun anong uica mo.
Ang tanong nang hari cun ualang casama
ang sagot ni Singo,i, uala cahit isa
sapagcat bilin mo,i, guinanap pagdaca
dico tinulutang mag sama nang iba.
Yaong tatlong Mago,i, tambing pinapasoc
nang haring Herodes saca pinalocloc
at si Singo naman sa pinto,i, nanuboc
dito nag hihintay nang sa haring utos.
Uica ni Herodes cayong mañga mahal
pauang marurunong sa lupa nang Iran

caya naparito,i, ang cadahilanan
pag hanap sa Hari na bagong lumitao.
Ang sagot ni Gaspar pinacamatanda
cami umaasang masusumpungan nga
yaong bagong Haring iyong sinalita
caya naparito sa malayong lupa.
Nguni datapua agad ding naparam
ang pag asa namin na masusumpungan
sagot ni Herodes dico mauatasan
ang sinabi ninyo manga tauong mahal.
Nguni at gayon ma,i, nagtataca aco
sa manga marunong sa Persiang reino
datapua,t, baquit di nag tuloy cayo
dito nag pahinga sa aquing palacio.
Baquit pa nagtayo nang pagpahingahan
sa palaciong sira nang Profetang mahal
ang sagot sa caniya, ó haring marangal
palacio ni David ang aming hinirang.
Sa pagcat sa lahi nang hari ring ito
doon nga lilitao yaong Haring bago
Haring magliligtas sa lahat nang tauo
nang boong Israel na daquilang reino.
Uica ni Herodes ano ang dahilan
ninanasa ninyo,i, hindi ninyo bayan
sa di man maligtas at sa itangol man
ano ang sa inyong naguing paquinabang.
Ang sagot nang tatlo: cun tanda nang langit
ang ipaquiquita,i, dapat na mag isip
ang boong sa g mundo,i, dapat na magnais
nang paquinabanga,i, hanaping mapilit.
Cun gayon ang uica ni Herodes naman
cayo baga,i, siyang pinagpahayagan
ang sagot nang tatlo,i, yaong si Balaan
ang siyang humula nang tandang lilitao.

Na cung lumabas na ang Haring daquila
sa langit lilitao ang malaquing tala
naquita nga namin ang mahal na tanda
lumitao sa daco naming manga lupa.
Sagot ni Herodes aco,i, nagtataca
at dito sa Juda,i, hindi man naquita
ang tanang marunong ditong lahat na
uala ring masabi nang tandang cometa.
Caya nga naman nagtataca aco
cun baquin ang Dios nang manga Hebreo
ipinaglihim nga manga tandang ito
doon pinalitao sa lupain niniyo.
Yaong manga tauo ang sagot sa caniya
na bulag at ualang pag sampalataya
anomang gauin mong saysay sa canila
sa tanda nang langit na catacataca.
Hindi rin maabot nila,t, matalastas
manga cahulugan cahit maliuanag
ang gaua nang Dios at pagpapatanyag
palibhasa,i, mangmang ang bait pa,i, bulag.
Sagot ni Herodes aco,i, hindi culang
pag sampalataya co ay lubos at tunay
cun gayon po hari ay paniualaan
ang astro,i, sumicat sa casilanganan.
Sa gabi ba lamang at boong magdamag
tanong ni Herodes cun yao,i, sumicat
ang sagot nang tatlo: sa lahat nang oras
sa gabi at arao ay napatatanyag.
At siya rin namang sinusundan namin
hangang Palestinang lubhang mabuhangin
nang aming matanao itong Jerusalem
lumubog na bigla ang bunying bituin.
Uica ni Herodes anong cahulugan
pag lubog na yaon nang talang malinao

ang sagot nang tatlo: sa iyong caharian
dito inianac yaong Haring tunay.
¿Anóng cahuluga,t, nagpipilit cayo
na inyong maquita yaong Haring Niño?
cami maghahandog ang sagot nang tatlo
hahalic sa paa nang Dios at tauo.
Aming hahandugan nang guintong dalisay
cuha sa pampañgin nang Níneveng bayan
yaon ay tanda ñga nang aming pag galang
sa capangyariha,t, Príncipeng marañgal.
At ang mirra naman ay sa pagca tauo
at ang icatlo ay yaong incienso
at ang cahulugan nang handog na ito
sa pagca ñga,t, siya,i, Dios na totoo.
Uica ni Herodes mañga tauong mahal
mañga dunong ninyo,i, aquing tinatac-han
sa aquin ay ualang mahalagang bagay
ang una,i, ang Dios at ang carunuñgan.
Ibig ni Herodes ay caniyang matatap
ang lahat nang bagay tungcol sa Mesías
caya ñga,t, conua ay nanguiguilalas
sa canilang dunong inusisang lahat.
Sinalita nañga nang haring si Gaspar
ang talang sinundan sacdal nang luminao
at di naquiquita caicailan man
ang gayong calaqui na talang lumitao.
Ang haring Herodes lalong nahahañga
ang causap nama,i, di macahalata
ang pag hañgang ito,i, may inaacala
na catacot-tacot na malaquing samá.
Caya ñga,t, ang uica mañga haring Mago
cayo,i, paroon na,t, paghanapin ninyo
cun inyong maquita ang mahal na Niño
aco,i, pag sabiha,t, paroroon aco.

Nag si alis nañga yaong mañga mahal
pauang pumupuri sa magandang asal
nang haring Herodes caya ñga,t, si Gaspar
sa mañga casama gayari ang saysay.
Cun hindi sa dugong nagcalat sa lupa
at sa calupitan na nababalita
ay uiuicain cong ito,i, mabait ñga
si Herodes ay hindi malabis nang sama.
Nang macaalis na yaong tatlong Mago
humalili namang pumasoc sa cuarto
ang batang lalaqui na tunay na apo
nang lilong Herodes haring Idumeo.
Ang ñgala,i, si Achiab at anac na tunay
nang príncipeng anac bagang si Arquelao
sa lahat nang apo ito ay minahal
caya ñga,t, ang iba,i, pauang nagdaramdam.
Pagcat si Herodes lilo,t, palamara
siam ang babayi na naguing asaua
ang unang una ñga,i, yaong si Maltasa
Palada, Roxana, Fedra,t, Olimpiada.
At ang icaanim yaong si Salomé
at ang icapito ñgala,i, si Elpide
at yaong dalaua namang nahuhulí
nacalimutan na caya di nasabi.
Pauang pinalayas nitong tampalasan
pati mañga anac dala nila,t, taglay
hustong dalauang puó mañga cabilañgan
at ang mañga apo,i, lalo pang macapal.
Ang mañga asaua,i, lagui sa hinagpis
at cayacapyacap ang anac na ibig
sa canilang buhay na napagsasapit
sa haring Herodes ay gaganting pilit.
Caya,t, iniisip nitong tampalasan
nang siya,i, maligtas sa capañganiban

ay huag mag sauang mag alis nang buhay
di nacagaganti ang tauo cung patay.
Nğuni,t, datapua ay cailanğan din nğa
ang magca dahilan nang ito,i, magaua
na ang haring César nang di may mauica
ang bayang Israel may isapantaha.
Sa lahat nang apo yaong si Achiab
anac ni Arquelao minahal sa lahat
bucod tanği ito sa lahat nang anac
siyang magmamana nang coronang hauac.
Pipitó catauo tanği ni Herodes
na mag aalaga sa dalá niyang saquít
una,i, si Salomé na caniyang capatid
at yaong Alejo na asauang ibig.
Ang alipin niya ang nğala,i, si Singo
at ang general na si Verutidio
saca si Arquelao at si Ptolomeo
na ang catungculan nito,i, guardasello.
Maliban pa dito,i, ang lahat sa bayan
sa haring Herodes ay pauang caauay
ualang cumacampi cun di yaong ilan
manğa herodianos na caniyang upahan.
Anopa,t, ang buhay nitong si Herodes
parating balisa,t, laguing nanğanğanib
ualang ano-ano sa camunting galit
agad hahatula,t, papataying pilit.
Pagpasoc ni Achiab nanğusap pagdaca
salamat cay Marte,t, icao,i, nag iisa
ang haring Herodes ay lininğon siya
nagalac ang puso,t, muc-ha,i, nacataua.
Ang tanong nang hari sa apo niyang guilio
ano,t, napaaga ang iyong pag guisin
ang sagot nang apo,i, mangyari mong dinguin
ang ipinarito co,i, gayari ang dahil.

Mula nang iutos mo sa aquing mag maestro
ang minamahal mo na batang si Singo
cahapo,i, naquita ang calicsihan co
tumudla nang pana,i, parang ipoipo.
Ang uica sa aquin sayang dao na sayang
at siya,i, aalis aco,i, maiiuan
na ualang pag sala at bucas din dao
cayo,i, paroroon sa Jericong bayan.
Caya po nuno co aco,i, naparito
at ipamamanhic sa camahalan mo
na cun mangyayari ay sasama aco
sa parurunan mong bayan nang Jericó.
Dalidali namang siya,i, pinayagan
sabihin ang toua ang nuno,i, hinagcan
di caalam-alam sa papasoc naman
ang caniyang ama,t, ang muc-ha,i, malumbay.
Uica cay Herodes ó amang poong co,
anong cahulugan nang nariringig co
na usap-usapan nang lahat nang tauo
at sa boong baya,i, malaqui ang gulo.
Magmula sa torreng Hípicos ang ngalan
magpa hangang Valle ni Josafat naman
magmula sa pinto nang Efraing bayan
magpa hangang Templo,i, hindi magcamayao.
Ang nariringig cong manga usap-usap
na may tatlong hari dito ay tumambad
at ang sinadya nila na pinaghahanap
ang hari sa Judang bagong inianac.
Sagot ni Herodes huag cang matacot
hindi man mangnib ang puso co,t, loob
iya,i, panaguinip lamang nang judíos
dapat mong paualang halagang tibobos.
Icao na anac co ay dito tumira
at sa Jerusalem mag hari ca muna

pasa sa Jericó na ualang pag sala
aco,i, mag gagayac nang pag pasa Roma.
Sa pagca at aco.i, ipinagsumbong dao
nang manga anac co sa haring cay César
aco,i, tinatauag nang macapag hanay
nang catouiran co,t, macapag sangalang.
Ngayon ang bilin co,i, huag lilimutin
ang manga utos co,i, tandaang maga'ing
yaong tatlong Mago cun dito,i, dumating
iyong ipahulit ipadalang tambing.
Doon sa Jericó,t, iyong pasamahan
nang manga soldadong manga sandatahan
sila ang nagcalat nitong caguluhan
manga usap-usap sa loob nang bayan.
Oo po ang sagot naman nitong anac
at aquing tutupdin ang lahat mong atas
nang tumibay naman ang coronac hauac
cahima,t, umanod ang dugo sa Ciudad.
Lumacad na nga ang haring Herodes
casama si Singo,t, ang lahat nang cabig
nagdaan sa pinto nang Doria ang sulit
sa tabi nang Jordan at siyang malapit.
Ang haring Herodes habang lumalacad
yaong tatlong Mago nama,i, lumalabas
sa pintong Damasco,t, canilang nilandas
ang tungo sa Belen na canilang hanap.
Sa paglacad nila sa bundoc at parang
ay catanghalian ang lagay nang arao
di caalam-alam muling sa lilitao
ang daquilang talang canilang sinundan.
Pagdaca,i, humiyao ang manga casama
ang tala, ang tala,i, narito anila
halos lumulucso sa toua at saya
at pauang nag taas sa langit ang mata.

Himala nang langit ang uica ni Gaspar
paquita nang Dios sa sangcalibutan
hayo,t, ituro mo ang pinaglitauan
nang anac mong mahal nang aming igalang.
Parang nacaringig naman ang bituin
lumacad tinungo ang daan sa Belen
yaong tatlong Mago,i, nangag tutumulin
caya di nalao,t, sila,i, nacarating.
Nang sila,i, matapat sa mahal na Portal
tumiguil ang tala,i, nag sitiguil naman
nagsi ibis na nga,t, canilang natanao
ang mahal na Niño ay nasa sabsaban.
Hinubo sa paa ang manga sandalias
at bago pumasoc sila sa Mesías
dito na naquita ang Inang mapalad
na pinagyayaman ang mahal na anac.
Lumapit ang tatlo nang boong pag galang
sa quinahihigan nang Niñong sabsaban
at saca lumuhod canilang hinagcan
ang cagalang-galang niyang talampacan.
Saca nang matapus canilang quinuha
dala nilang guinto, incienso at mirra
at inihandog na sa mahal na paa
nang mahal na Niño at napaalam na.
Nang sila,i, babalic doon cay Herodes
sa pag tulog nila sila,i, nanaguinip
na pinagsabihan sila nga nang langit
nang bantang masamá nang haring malupit.
Nang ito,i, matanto sila,i, nag suminsay
tinahac ang bundoc nag iba nang daan
sapagcat ang hari sa Judeang bayan
gayac na sa pusong sila,i, ipapatay.
Ang haring Herodes na sa sa Jericó
dito hinihintay yaong tatlong Mago

ang dumating doon ay si Verutidio
humarap pagdaca,t, ang sabi,i, ganito.
Yaong tatlong lilong Mago,i, nag bulaan
nañgaco sa iyo na magbabalican
hindi na sumipot sila,i, nacatanan
di namin maquita cun saan nag daan.
At ang mañga gubat nang boong Samaria
bundoc nang Carmelo at parang nang Judá
nasaliesic naming ualang pinasala
di rin nasumpuñgan nang soldadong sama.
Sabihin pa baga ang malaquing galit
nang haring Herodes nang ito,i, mariñgig,
cun gayon ay hindi tumupad na tiquis
ang ganti co,i, lalong cáhirapa,t, sáquit.
Hindi man tumupad sa canilang uica
na sila,i, babalic at ibabalita
sa aquin ang Niño cun nasumpuñgan ñga
tangca co,i, dayain aco ang nadaya.
Cun sila,i, naligtas sa mañga silo co
ang lalong ibig co,i, mahuli ang Niño
at hindi liligtas sa batang cay Singo
pilit mahuhulog sa mañga camay co.
Mapamayamaya,i, dumarating nañga
si Singo,t, gayon din ang dalang balita
na ang mañga judio,i, malaqui ang toua
sila,i, maliligtas sa pagca bihag ñga.
Ñguni,t, bibihira cun sa mañga judío
ang macasalitang naquita ang Niño
liban nañga lamang sa ilang catauo
na pastor sa bundoc nacaquita dito.
Ñguni at may isa na bata rin naman
na ipinañganac may anim na buan
sa lupa nang Naim ang ñgala,i, si Juan
at si Zacarías ang ama,t, magulang.

At sa batang ito,i, gayon ding naguló
boong Israelitas pag litao na nito,
nica ni Herodes, cun gayon din Singo
ibig cong mamatay ang dalauang ito:
Ang sagot ni Singo,i, mahirap maquita
ang batang si Jesus cun saan dinalá
lahat nang paraa,i, aquing nagaua na
matanto co lamang cung nasaan siya.
Inisaisa cong pinanhic ang bahay
sa bayan nang Belen sa paghanap lamang
ang lahat nang tauo ay napagtanungan
uala ring masabi cnn siya,i, nasaan.
Ngüni at si Jua,i, aquing maquiquita
alam co ang bahay at tahanan nila
nica ni Herodes cun gayon aniya
ang batang si Jesus itinago nila.
Cun gayon ang ibig nilang casapitan
sa ibig cong putlin isang uhay lamang
ay sila,i, tumangui ngayo,i, cailangan
ating pang puputlin ang lahat nang uhay.
Di caalam-alam siya,i, nacaringig
nang hihip nang clarin at maraming voces
yabag nang cabayo at tunog nang arnes
pagdaca,i, dumungao ang haring Herodes.
Mapamayamaya,i, pumapanhic naman
yaong Antípatrong anac niyang tunay
sa unang asaua Doria ang pangalan
na hinatulan ding quinitlan nang buhay.
Nangaling sa Roma,t, doon tumitira
si Aristóbulo ang siyang casama
saca si Felipeng capatid din niya
silang tatlo ngani ang na sa sa Roma.
Ang nátira lamang casama nang sucab
yaong si Arquelao saca si Antipás

sila ang minahal sa lahat nang anac
at ang apo niya na batang si Achiab.
Ani Antípatro ó ama cong mahal
dito po,i, dumating ang isang utusan
nagmula sa Roma nang bunying si César
madla ang casamang mañga sandatahan.
Sagot ni Herodes iyong papanhiquin
iyang inutusan nang César sa aquin
anac ay nag biglang nanaog na tambing
at ang taga Roma,i, caniyang tatauaguin.
Pag dating sinabi na siya,i, may dala
na órden nang César na galing sa Roma
quinuha nang hari binucsan pagdaca
at bago binasa gayari ang badya.
Ang uica,i, Herodes aquing caibigan
icao ay parito,t, macapag-sangalang
sa sumbong nang mañga anac mo ring tunay
pag patay sa inang ualang casalanan.
Aquing inutusan na mag dala nito
pinacamarunong na si Mario Cucio
siya mong ihalal mag tangol sa iyo
mag hanay nang tutol dito sa Senado.
Mañga leyes dito,i, tanto niyang lahat
mañga catuirang dito ay palacad
cun siyang mag tangol sa iyo,t, mañgusap
sa boong Senado,i, nanalo na,t, sucat.
Uica ni Herodes cun gayo,i, ñgayon din
icao ang halal cong mag tangol sa aquin
ang sagot ni Mario,i, aquing gaganapin
ipagtatangol ca saan man dumating.
Aquing hihiñgin pang mabigay sa iyo
ang mañga anac mo sapagca ñga,t, iyo
iyong magagaua ang balang ibig mo
talastas nang lahat catuirang ito.

Uica ni Herodes cun gayon ay bucas
ay hindi sasala at tayo,i, lalacad
ay sa aba ninyo aquing mañga anac
cun aco,i, manalo nitong ating usap.
Itong si Felipo at si Aristóbulo
ang siyang nag sumbong doon sa Senado
cun caya tinauag nang César Augusto
at pasasagutin sa usap na ito.
Ang haring Herodes hangang gumagayac
ay si Antípatro na Príncipeng anac
ay nanaog nañga at caniyang niyacag
yaong si Paulo na sa Roma,i, buhat.
Ito ang capitan nang mañga soldado
na galing sa Romang casama ni Mario
pagdating sa bahay ani Antípatro
Enoe paghanda nang hahaptinan co.
Sampo nang casama na narito ñgayon
handaan mo tuloy at dito hahapon
si Enoe nama,i, hindi na tumugon
guinanap ang utos palibhasa,i, poon.
Nagsihapon nañga itong magcasama
saca nang matapos nag salitaan na
ani Antípatro catoto co,t, sinta
sa sasabihin co icao,i, manainña.
Magsabi ca ñgayon anong cailañgan
mañga catúngculan ó ang cayamanan
paua mong cacamtan cun paaayunan
yaring aquing hañgad gayari paquingan.
Marahil icao rin ang macacasama
nang pag balic dito nang hari cong ama
icao ay yumacag cahima,t, umupa
nang mañga casama sa Ciudad nang Roma.
Pagdating sa uacas at labás nang bayan
iyong ipag-utos mangyaring mapatay

ang ama cong haring lubhang tampalasan
at nang mapa sa aquin ang coronang tangan.
Nagcasundo nanga ang dalauang ito
lumagay ang loob nitong Antípatro
nguni,t, namamasdan nang lilong si Singo
tila may acala sa gauang mag lilo.
Sa quinabucasa,i, nangag-silacad na
si Herodes at ang lahat na manga casama
hangang sa dumating na ualang balisa
sa camilang pacay na Ciudad nang Roma.
Capagdating doo,i, humarap nang agad
doon sa Senado dahilan sa usap
may di pagpanalo nitong haring sucab
daning sumasapi dahilan sa pilac.
Caya ang nasapit manga anac niya
ipinag-utos pang ibigay sa ama
ang ibig nang César ay magcasundo na
silang mag-aama,i, moui sa Judea.
Ngani at ang loob nitong si Herodes
mahusay ang muc-ha masucal ang dibdib
nag paalam nanga at siya,i, aalis
at si Singo naman ang ipagsusulit.
Caniyang sinubucan ang gaua ni Paulo
naquitang mayroong naiipong tauo
lihim na sinabi ang bagay na ito
sa haring Herodes nitong paglililo.
Sinabi pa tuloy ang caniya ring anac
na si Antípatro ang siyang may atas
ang haring Herodes nag sabi nang agad
sa bunying cay César nitong pagsusucab.
Matanto nang César malaqui ang galit
si Paulo ay agad na na ipadaquip
at doon din sa harap nang haring Herodes
agad hinatulang binigyang pasaquit.

At saca naghalal nang ibang casama
ang haring Herodes ipinahatid na
nang sila,i, tumuntong sa lupang Judea
sa pampang Berito,i, nangag si ahon na.
Sumalubong naman yaong sangbayanan
sa canilang hari na iguinagalang
pag ahon nang hari tinauag pag couan
si Singo,t, marahang caniyang sinabihan.
Ang uica,i, humayo,t, tupdin ang utos co
yaong si Felipo ngayo,i, bitayin mo
at gayon din naman si Aristóbulo
nang tayo,i, malacad tungo sa Jericó.
Nang aquing maquita yaong aquing anac
na si Antípatro na ibig mag sucab
silang labat nga,i, ualang maliligtas
sa manga camay co,i, pauang mag babayad.
Sa oras ding yao,i, pauang nanga bitay
ang dalauang anac nitong tampalasan
ang labat nang tauo ay quinilabutan
sa guinauang yaong catampalasanan.
Pagdaca,i, lumacad na pa sa Jericó
nang doo,i, dumating itong haring lilo
pagdaca,i, nag utos aniya,i, Verutidio
pa sa Jerusalem tupdin ang utos co.
At agad mong dacpin yaong aquing anac
na si Antípatrong tampalasa,t, sucab
cun iyong mahuli ibilangong agad
itong inutusan pagdaca i, lumacad.
Nguni,t, di naquita,t agad nacatanan
nag tuloy sa labas at loual nang bayan
matanto nang ama ay sa cagalitan
linabnot ang buhoc at nagtutungayao.
Damit sa catauan ay biglang pinunit
at nagbububulá ang lauay sa bibig

aso man ding olol ang nacacaparis
at lumalagutoc ang ngipin sa galit.
At bago humiyao aniya,i, ¡Achiab! Achiab
cailan mang arao at icao,i, hahauac
nang isang corona,i, huag malilingat
cay Amulio,t, Remo doon ca tutulad.
Ang pagpapatay nga,i, huag mong limutin
pumatay nang tauo ang siya mong gauin
ang buhay nang hari napapanganib din
sa ibig mangagao nang coronang angquin.
Uica ni Achiab icao ay uminom
nitong aquing gamot ó nuno cong poon
at nang matalimic sa saquit mo ngayon
at macatulog cang lubhang mahinahon.
Nang macainom na,i, pinaalis ito
at bago tinauag ang betang si Singo
at saca sumigao ang uica,i, ganito:
Singo ay sa Belen doon ay ibig co.
Na cahima,t, isa,i, huag may matira
at pataying lahat betang Belmita
mula sa dalauang taong edad nila
hangang pailaba,i, pataying lahat na.
Ito ngang si Singo,i, hindi nacaimic
sa órdeng yaong malabis nang higpit
ulo,i, itinungo pagdaca,i, umalis
ang utos nang hari tutuparing pilit.
Ang Vírgen María,i, nang macapangaling
sa mahal na Templo,t, matapos ihayin
sa Dios na Poon ang anac na guilio
sila,i, omoui na sa tahanang Belen.
Sinabihan nanga yaong si San Josef
nang Angel nang Dios sa pagcaiidlip
ang uica sa caniya,i, pagbangon na Josef
cayong mag asaua dito ay umalis.

Cayo ay patungo sa lupang Egipto
at hintin ang loob nang Dios sa inyo
sapagcat ang hari hinahanap cayo
ibig ay patayin ang mahal na Niño.
Pagdaca,i, nag bangon ang poong San Josef
niyacag ang Virgen ang Niño,i, quinauit
sa pagtupad nila sa utos nang Langit
sa lupang Judea pagdaca,i, umalis.
Caya,t, nang hanapin nang lilong si Singo
uala,t, nacaalis ang mahal na Niño
naisip-isipan niyong Idumeo
ang lahat nang sangol paputlan nang ulo.
Agad nagpabando sa bayan nang Belen
balang may anac na sangol ay dalhin
sa may tapat niyong palacio nang tacsil
may ipagcacaloob ang hari at hayin.
Yaong manga batang culang pa sa edad
na dalauang taon ay dadalhing lahat
at sa utos na ito,i, ang hindi tumupad
ay sa haring poon pilit magbabayad
Cun caya nga naman ang lahat nang Ina
ay natotoua na,t, ano caya baga
ang ipagcacaloob nang hari anila
at gayong cahigpit ang pag tauag niya.
Di caguinsa-guinsa nama,i, sa lalabas
si Singo,t, casama sandatahang lahat
siyang una-unang nangagao nang anac
ipinaghampasan sa batong matigas.
Nagsi sunod naman ang manga casama
ang lahat nang bata,i, pinatay na nila
sabihin ang gulo niyong manga ina
ingay nang panangis sa anac na sinta.
Dico na masabi,t, dila,i, nauumid
sa nangyaring yaon na casaquit-saquit

ang cahimat sino cun ito,i, masilip
matigás mang puso,i, pilit mahahapis.
Nguni at ang puso nitong palamara
hindi man nahabag nang ito,i, maquita
paanong di gayon sinasapian na
nang mangã demonio yaong caloloua.
May isang babayi siyang nag matigas
at ayáo ibigay ang sangol na anac
ang uica cay Singo,i, huag cang mangãhas
sa sangol na ito gumalang ang dapat.
Quilanling maigui lilo,i, palamara
ang sangol na ito,i, ang hari sa Judá
pagcaringig nito,i, inagao pagdasa
ni Singo at biglang quinitlang hiningã.
Pinugot ang ulo at bago binalot
at inaoui na niyong balaquiod
ang uica sa hari icao po,i, maluguod
at paiang nasunod ang hiat mong utos.
Huag cang matacot sa hari sa Judá
narito,i, dala co itong ulo niya
ito rao po,i, hari ang uica nang ina
inilagay mangã doon sa lamesa.
May naringig sila doon sa licuran
babaying dumating na ananambitan
maquita nang hari binati pageuan
Rebeca ay baquin ano ang dahilan.
Sagot ni Rebeca ngayon ay tingnan mo
ang catauang putol at uala ang ulo
iyong quilalanin cun ito ay sino
pinutlan nang ulo nang lilong si Singo.
Yaong si Herodes pagdaca,i, nagulat
maquita ang bata ay caniya ring anac
nagbuntong hininga at nag dalang habag
sa caniya ring bunsong dito,i, napahamac.

Umalis pagdaca yaong si Rebeca
ang eica na lamang abang aba niya
nang natay sa anac nang taga Judea
sampain din naua magpa ualang hanga.
Si Singo,i, sa tacot ibig na umalis
pagdaca,i, tinauag nang haring Herodes
ang pagpilitan mong mahuli,t, maraquip
ay si Antípatrong anac co ng malupit.
At gayon din naman ang batang si Juan
ang pagpilitan mo,t, huag pabayaan
ang dugong umagos ualang cabuluhan
ang dalauang ito cun di masumpungan.
Cun buhay rin lamang itong tatlong ito
si Juan, si Jesus at si Antípatro
ay napapangamib ang tangang buhay co
sampon nang corenang na sa aquing ulo.
Caya ngayon Singo icao ang bahala
pagpilitang dacpin ang manga cuhila
hayo at tumacbo,t, huag mag pabaya
yaring aquing reino,i, upang mapayapa.
At cun masumod mo ang manga utos co
si Jua,t, si Jesus maputlan nang ulo
icao,i, bibiguian co nang isang talento
at paoouiin pa doon sa bayan mo.
Ito ngang si Singo pagdaca,i, lumacad
ang utos nang hari tutuparing agad
piniling casama lamang ay aapat
pauang sandataha,t, matapang malacas.
Hinintay ang gabi na lubhang madilim
siya nang paglacad patungo sa Naim
ito nga ang bayan niyong si Isabel
na ina ni Juan batang bagong supling.
Nang macaalis na ang manga sucaban
ang haring Herodes agad napahiyao

huminĝi nang tulong sumaquit ang tiyan
nag papihitpihit at bago na bual.
Ang manĝa casama,i, pauang nag si dalo
canilang binuhat dinala sa cuarto
sigao ni Herodes mamamatay aco
sa malaquing hirap nang saquit na ito.
Ipagpagayon co naman cay Isabel
na ina ni Juan sa bayan nang Naim
nabalitaan niya sa bayan nang Belen
ang napagsasapit na calaguimlaguim.
Ipinanĝanĝanib ay baca umabot
magpa hangang Naim ang pagpapapugot
dumating ang gabi cadilima,i, puspos
quinuha ang anac pagdaca,i, binalot.
At isang babayi ang siyang casama
nag soot sa gubat itinago niya
ang caniyang anac at nang di naquita
nang manĝa utusan niyong palamara.
Nang macaalis na ay siyang pagdating
nang lilong si Singo,t, umaquiat na tambing
sampon nang casama,t, canilang cucunin
ang batang si Jua,t, agad papatayin.
Nang ualang maquita ay ipinagtanong
ang ama nang bata,i, saan na paroon
ang sagot sa caniya,i, siyang bantay nĝayon
doon natitira sa Templo nang Sion.
Pagcauica nito,i, sabihin ang galit
si Singo,t, iba pa na soldadong cabig
pagdaca,i, nanaog hahanaping pilit
ang abang mag ina saan man sumapit.
Nang sila,i, malayo,i, canilang natanao
dalauang babaying nagmamadalian
nag soot sa gubat mailigtas lamang
sa cuco nang leon ang batang si Juan.

Matanao ni Singo aniya,i, habulin
yaoon ay babayi aabutan natin
sabihin pa baga ang pag tutumulin
nang manga soldadong parang manga haling.
Ang dalaua namang nag soot sa gubat
tulin nang pag tacbo na dala nang sindac
ang dinatnan nila,i, bundoc na mataas
at uala man silang maquita nang landas.
Dito,i, si Isabel biglang napaluhod
uica,i, ó Poong co maauaing Dios
mangyaring iligtas ang anac cong irog
sa nangag uusig na manga soldados.
Di caguinsa-guinsa,i, bumuca ang bato
salas na masaya ang naquita dito
at may nangusap pa ang uica,i, ganito
sa guang na ito,i, mag sipasoc cayo.
Ipinasoc na nga ang batang si Juan
sampon nang casama,i, ualang agam-agam
pagcapasoc nila,i, nag hilom din naman
nag uli sa dati yaong batong buháy
Caya,t, nang dumating ang lilong si Singo
sampon nang casama na manga soldado
uala mang maquita cahit isang tauo
nag si panguilalas sa nangyaring ito.
Canilang tinicman ang bato,i, tinibac
hindi man taluni,t, malabis nang tigas
nang ualang magaua,i, umalis nang agad
sa haring Herodes ay ipahahayag.
Nang macaalis na,i, nag uling bumuca
ang bato at sila ay pinalabas na
sabihin ang toua nilang mag casama
at nag pasalamat sa Dios na Ama.
Ang magcacasama ni Singong malupit
nag mamadaling sila,i, nag si balic

at ipagsasabi sa haring Herodes
ang canilang lacad uala ring nasapit.
Nang canilang datnan ay nagsisisigao
ang haring Herodes nasamá ang lagay
pinaglilitauan sa boong catauan
nang maraming sugat na casuclam-suclam.
At nageacatipon ang manga médico
at ualang magaua sa saquít na ito
ualang macalapit na alin ma,t, sino
baho nang catauan ay parang demonio.
Sarisaring uica na manga tungayao
casabay ang daing na isinisigao
babalibalicuas at hindi n abagay
ano pa,t, ang auyo,i, demonio nang tunay.
Ang uica nang isa sa manga médico
ay hinoi sasala,t, mamamatay ito
ang sugat sa loob nang tiyan banta co
cumalat na lubha,t, hanggang toto.
Ang uica nang iba ay ating batulan
ang siya,i, maligo at ominom nman
nang mabisang tubig na may ergan-than
doon sa Calliroe cabila nang Jordan.
Ang tubig na yaon ay tantong mainit
at pinagagaling ang saquít na madla
pinagcaisahan ang gayong acala
sinabi sa bari nang magauang bigla.
Ang sagot nang h ri ay di co matiis
ang catacot-tacot na matinding saquít
cayong manga médico ano,t, di mag isip
nang icababaua nang hirap at sáquit.
Sa aquing paghiga,i, hindi macagalao
lalong namamaga ang aquing catauan
ang manga sugat co ay nagsisilonang
nabuloc nang lahat ang boo cong laman.

Ang sagot sa caniya,i, ano man ang gauin
ang lahat nang gamot nasayod na namin
sa saquit mong iya,i, hindi macagaling
caya ang paligo,i, ganin mo nang tambing.
Ipinagayac na,t, siya,i, ilalacad
caya nga at silang lahat nagsilabas
si Singo,i, naquita,i, tinaung nang agad
nang haring Herodes bago quinausap.
Naaalaman mo aniya o Singo
ang sabi sa aquin nang manga médico
nala rao magana sa saquit na ito
sa aba nga nila cun mamatay aco.
Ang sagot ni Singo,i, cun maugyari lamang
maiwalit sa iyo yaring ituing buhay
ay gaganin co nga,t, gumaling na lamang
ang pangilioon co sa hirap na iyan.
Ang isa co lamang ngayong pagbihirap
ang inautos mo,i, hindi co natupad
ang batang si Jua,i, naitagong agad
nang caniyang ina cun saan ngang gubat.
Nguni,t, di sasabi sa ni nga camay co
sapagcat ang ama,i, naroon sa Templo
aquing tatanungin sa aba nga nito
cun hindi sabihi,i, papatlan nang ulo.
Ang sagot nang hari magaling aniya
mabuting ubusin manga lahi nila
at nang matahimic ang aquing corona
pumatay nang tauo Singo,i, pumatay ca.
Nang quinabucasan ay siyang pag lacad
nang haring Herodes dala nang alagad
at si Singo naman at casamang lahat
tinungo ang Templo sa loob nang Ciudad.
Pinasoc ang Templo niyong tampalasan
at si Zacarías agad linapitan

at bago itinanong ang batang si Juan
saan itinago sa aquin ay turan.
Sagot nang matanda,i, naroon sa Naim
doon co iniuan sa inang may ángquin
cung sacali,t, uala doo,i, inyong hintin
cundi dumarating inyong paghanapin.
Pagcasabi nito,i, ang lilong si Singo
binunot ang tabac pinutlan nang ulo
ang abang matanda sa loob nang Templo
at di man mangimi ang camay nang lilo.
Habang lumalaqui ang batang si Juan
parati ang tahan ay sa mangã ilang
sa pananalangin at pag aayunar
nahilig ang loob palihhasa,i, banal.
Ang mababangis na hayop sa bundoc
nag sisigalang sa caloto nang Dios
at ito rin ngã siyang mag bubuhos
nang tubig sa mahal na ulo ni Jesus.
At ang guinagauang parati ni Juan
ang lahat nang tauo ay inaaralan
at itinuturong mag bago nag asal
tuloy pagsisihan tanang casalanan.
Ang ngãlan ni Juan cumalat sa lahat
sa sang Palestina at iba pang ciudad
at ang cabagsican niyong pangungusap
ang balang maquinyig ay nahihicayat.
Siya,i, mauupo sa bato sa burol
sa lilim nang isang cahoy na mayabong
caramihang tauong dumadayo doon
iba,t, ibang tribu sa lahat nang nayon.
Pauang naquiquinyig nang mahal na aral
nitong mabunying banal na si Juan
ang gauang magaling dapat pagpilitan
sapagcat malapit yaong camatayan.

Yaong caramihan nama,i, tumanong din
ano caya baga dapat naming gauin
ang sagot ni Juan ay mag maauain
ang nañgagugutom inyong pacacanin.
Cun cayo,i, may damit na dalauang iñgat
ang isa ay dapat ibigay sa hubad
at gayon din naman ang mañga mahirap
dapat na dalauin at abuluyan agad.
May mañga soldadong doo,i, nag daraan
pauang napatiguil sa aral ni Juan
pagcariñgig nila,i, parang nagtagusan
sa canilang puso yaong tanang aral
Sila,i, naquigaya na nag si tanong din
ano naman caya dapat naming gauin
ang sagot ni Juan ang lalong magaling
mañga tauo,i, huag tatampalasanin.
Huag mag bibintang sa capoua tauo
at huag cucuha nang di ari ninyo
ang pagmamasaquim masamang totoo
cayo,i, matoua na sa bayad sa inyo.
Mañga publicano nama,i, naquigaya
na may halong tuya ¡ó maestro anila
cami turuan mo nang gauang maganda!;
ñguni,t. palibhasa itong tanong nila.
Sila,i, tinitigan nang bunying si Juan
titig na may halo na panghihinayang
na parang palasò na nagtatagusan
sa canilang pusong purong casaquiman.
At saca nag buntong hiniñgang malalim
ang Santong si Juan at bago nagturing
aniya,i, huag cayong lubhang maniniñgil
nang labis sa dapat cañgino ma,t, alin.
Ang tanong nang lahat icao baga,i, sino
ang Mesias baga ang ñgala,i, si Cristo

yaong hinihintay nang bayan nang Judío
siyang magliligtas sa lahat nang tauo.
Cayo ay maquinyig ang sagot ni Juan
aquing sasalitin ang catotohanan
cun caya co cayo binibinyagan
nang tubig ay parang paghahanda bilang.
Sapagcat darating naman yaong isa
mahiguit sa aquin cabagsican niya
maguing lingcod man aco,i, alangan pa
na taga pagcalag nang chapin sa paa.
Sa inyo,i, cacasi ang Espíritu Santo
icapagtitibay sa pagca cristiano
lilinis na tunay caloloua ninyo
at matutubos pa sa mangã demonio.
Ipagpagayon co sa haring Herodes
nang macapaligo sa gamot na tubig
lalo nang lumubha sa dati ang saquit
pag muc-hang bangcay na,t, mata,i, nacapiquit.
Iniutos agad pauang magcatipon
ang mangã médico,t, mangã marurunong
siniyasat nangã ang saquit na yaon
ualang maisipan silang maihatol.
Cumuha nang langis linagyan nang gamot
ang haring Herodes doon itinubog
lalo pang sumamá naualan nang loob
at di nacamalay parang nacatulog.
Mapamayamaya ay nahimasmasan
aco,i, nagugutom ang isinisigao
ang mangã alipin siya,i, hinainan
cumain ang hari na tila halimao.
Na cun sacmalin yaong quinacain
parang asong gutom na saquim na saquim
hangang cumacain ay daing nang daing
ualang cabusugan at nagugutom din.

At saca nalagpac sa caniyang hihigan
nalasing sa alac at bago sumigao
aco,i, dalhin ninyo na huag maliban
sa aquing palacio sa Jericóng bayan.
Nang siya,i, dumating doon sa Jericó
dina macaquilos itong haring lilo
puno na nang ood ang catauan nito
palibhasa,i, buloc mabahong totoo.
Hangang guinagamot itong palamara
sa bundoc at parang nang lupang Judea
may nangangabayong catulina,i, sadya
na tauo ngang mahal nag iisa-isa.
At ang tinatahac ang bundoc at parang
tacbo nang cabayo,i, hindi nagtatahan
ang manga bundoc caniyag tinatanao
at inaaninao sa sinag nang buan.
Nang caniyang matanao ang pinaca cueva
cabayo,i, piniguil dito na aniya
pagdaca,i, umibis at nagtuloy siya
pumasoc caghintay sa manga casama.
Mapamayanaya,i, sa darating naman
ang iba,t, iba pang manga casamahan
nag upuan sila at nagsalitaan
tuturan na nain ang manga pangalan.
Isa sa canila ay si Antípatro (1)
na anac nang haring Herodes na lilo
na nag aacalang maghari sa reino
agauin sa ama ang corona,t, cetro.

(1) Si Judas, Sadoc at Matatias ay manga doctores nang canilang manga leyes, at manga tauong guinoo. Ang canilang amang si Manahem naquita si Herodes nang munti pa silang bata na nag aaral sa escuela ay caniyang hinulaan si Herodes, na balang araw ay mag hahari sa manga Judios. Nang naquita ni Manahem na hindi maniuala si Herodes ay tinapic niya sa balicat at ang uica: tandaan mo aniya itong aquing sinabi, at itinuro pa sa caniya at dapat gauin nang

At saca si Sadoc naman at si Judas
at yaong matandang ngãala,i, Matatías
icalima nila ang ngãala,i, si Dimas
yaong magnanacao na magandang palad.
Itong tatlong ngãni ay tauong guinoo
sa bayang Israel ay pinacaulo
silang lahat ngã ay galit na totoo
sa mangã romano at sa herodiano.
Silang lima ngã,i, nangãg usap-usap
yayacaguin nila ang tauo sa Ciudad
sa mangã romano ay maquiquitulad
maligtas ang bayan sa pagcabibihag.
At ating taonin itong caguluhan
sa arao nang fiesta nang buan nang Adar
at pagca umaga tayo,i, maghiyauan
pamulan na natin ang pag papatayan.
Dumating ang arao na canilang usap
malaqui ang gulo sa loob nang Ciudad
ngũni at sila ngã,i, quinulang nang palad
at di nacatagal sa paquiquitalad.
Caya ngã,t, si Dimas nagpilit tumacbo
at gayon din naman yaong Antipatro
ang nahuli lamang yaong tatlong ulo
at ibinilango nang mangã romano.
Ang haring Herodes cabima,t, may saquit
nang mabalitaan na nangãpipiit
yaong nangãtalo sa pamimiyapis
nag corona nangã,t, doo,i, napahatid.

---

siya,i, tauaguing haring daquila, ngũnit ang iyong pagcaualang galang sa Dios at calupitan mo sa mangã tauo ay siyang macasisira sa iyo at sa paglaqui nang bayan. Nang mag hari na si Herodes, na ala-ala ang hula nang acenio, caniyang ipinatauag at tinanong cung siya,i, mag hahari man lamang nang sampuong taon; ang sagot sa caniya ay icao,i, mag hahari nang dalauang puo tatlong puong taon.

Capagdating doon ang uica cay Singo
hayo,t, ilabas mo ang lahat nang preso
at aquing titingnan na can sino sino
ang naglvigay gulo sa loob nang reiao.
Caniyang tiningnan na inisa-isa
at si Antipatro ay uala aniya
sabihin ang galit nang hindi maquita
hinarap si Singo at caniyang minura.
Ang sagot ni Singo siya,i, macatanan
hindi co inabot sa pag hahabulan
ngũni,t, alam co po ang inurungan
mararaquip co ring hindi malilihan.
At saca tinauag yaong Ptolomeo
niyong si Herodes ang uica,i, ganito
ilang bagang lahat ang naciyang preso
sagot ay ualong puo lahat ang bilang co.
Can gayo,i, hatiin uica ni Herodes
calahati siyang putlan mo na g liig
at ang calahati bayaang umalis
nang matanto nila aua ni Herodes.
At yaon ngang tatlo na pinaca ulo
mabuting sumuguin at nang maguing abo
ang canilang abo ay ipag sabog mo
nang di pamarisan nang iba pang tauo.
At saca huminĝi nang mahahapunan
casalo ang anac niyang si Arquelao
gayon din si Achiab apong minamahal
at si Verutidio na caniyang general.
Ang pagbalican co ay si Antipatro
nang siya,i, tumanan sa canilang gulo
siya ay hinabol nang lilong si Singo
hindi rin inabot tulin nang cabayo.
At doon nagtuloy sa bundoc at gubat
dito naghimutoc nang casindac-sindac

sa quinasapitan nang canilang palad
at manga casama na nangapahamac.
Nang mahating gabing siya,i, omoui na
ang abang Enoe ang naalaala
cahima,t, aliping isang africana
sa gandang babayi maguiguing asaua.
Nguni at si Singo siya,i, nasubucan
sa pag oui niya sa canilang bahay
caya nga,t, naraquip ipinag tuluyan
sa cárcel Antonia,t, nang di macatanan.
At saca nagsabi sa haring Herodes
na si Antípatro,i, caniyang nadaquip
iniutos naman nang haring malupit
ang buhay nang anac ay ipinaalis.
Yaon na si Singo at caniyang guinanap
may dalang víborang lubhang macàmandag
sa pagca catulog nang cahabag-habag
na si Antípatro,i, namatay at sucat
Ang haring Herodes nama,i, nagpa bando
ang lahat nang anac nang manga guinoo
nitong boong reino na nasasacop co
mag capisan lahat sa plazang Jericó.
Sa loob nang icalabing limang arao
ay huag sumala,t, doo,i, magcapisan
at bago mamatay aco at pumanao
ang huling bilin co,i, canilang paquingan.
Ang hindi tumupad sa utos na ito
at mararapatang hindi man dumaló
ay macacamtan nga sa cagalitan co
ang malaquing dusa maguing ali,t, sino.
Nang magcatipon na sa nasabing arao
mahiguit sa sampuong libo yaong bilang
ang haring Herodes ay nag sisigao
na parang demonio sa catreng hihigan

Ang manga tungayao manga pagsusumpa
nunucal sa bibig nang haring cuhila
hindi co pa ibig mamatay ang uica
at aco ang hari nang Judeang lupa.
Uica ni Salomé icao,i, tumahimic
caniyang pinahiran ang mabahong pauis
ang manga médico ay nagpupumilit
na icao gumaling guilio cong capatid.
Quinuha ang gamot na nasa sa copa
at ipinainom upang mapahinga
at saca nangusap alam co aniya
ang camatayan co ay nalalapit na.
Tinauag ang bayao ang uica,i, Alejo
icao ay lumapit maupo ca dito
muha ca nang papel at isusulat mo
ang lahat nang aquing sabihin sa iyo.
Sapagcat ang boong bayan nang Israel
ualang natotoua at galit sa aquin
cun aco,i, mamatay naman ay gayon din
ualang mananangis matotouang tambing.
Caya ngayon namá,i, aquing calooban
cun baga sacali at aco,i, mamatay
ang lahat nang judiong diya,i, napipisan
ay pataying lahat ualang mabubuhay.
Manga camag-anac niyang manga tauo
mag sisipanangis cun matanto ito
na cun magcagayo,i, mararamay aco
na pananangisan ang pagcamatay co.
Itong sumusulat ay halos manginig
sa órden ngang itong malabis nang lupit
anong acala mo uica ni Herodes
ang utos cong ito ang lalong matuid.
Icao,i, tumahimic sagot ni Arquelao
at aquing tutupdin cun icao,i, mamatay

uica ni Herodes ngayo,i, iba naman
igayac ang coche,t, aco,i, magpapasial.
Aco,i, padadala sa guitna nang plaza
sagot ni Salomé ay mahima ca na
uica ni Herodes aco ay gagaya
sa manga caldeos sa ugali nila.
Na cun magcasaquit ang sino ma,t, alis
at inaacalang hindi mapagaling
manga camag-anac siya,i, dadalhin
sa guitna nang plaza,t, doon ay hihintin.
Ang lahat nang tauong doo,i, dumarasa
cahiman at sino ay may catungculan
na itong may saquit canilang titingnan
at nusisain cun ano ang damdam.
At cun may matanto silang nacagaling
sa gayon din saquit dapat na sabihin
dapat na ituro ang manga gagauin
sa camag-anac nga,t, nang ito,i, gumaling.
Di caguinsa guinsa,i, lumuico pag couan
ang haring Herodes sa catreng hihigan
ang banig at una,i, ipinag tapunan
at bago nalagpac at nag tutungayao.
Siyang pagcalagot nang tangang hininga
nang haring Herodes lilo,t, palamara
uala ngang nanangis cahima,t, iisa
sa manga anac man at capatid niya.
Nang ito,i, mamatay yaong si Arquelao
siyang humalili sa coronang tangan
caniyang pinatauad yaong hinatulan
nang caniyang ama na ipinapapatay.
At siya,i, nag utos nagpa embajada
sa haring cay César sa imperiong Ronia
niyong pagcamatay nang caniyang ama
siyang humalili na hari sa Judá.

Matanto nang César yaong pagca matay
nang haring Herodes punong casaquiman
na isip isipan ang mabuting daan.
babanguin nang tatlo ang Judeang bayan.
At si Arquelao nga ang siyang Tetrarca
na mamamahala doon sa Judea
at ang cay Herodes naman ay ang Perea
boong nasasacop hangang Galilea.
Ito,i, si Herodes Antipas ang ngalan
na anac din niyong haring tampelasan
at sa cay Felipo nama,i, ibinigay
ang Traconitide,t, Itureang bayan.
Parang natona na ang magcacapatid
na mangã anac ngã nang haring malupit
si Arquelao lamang minahal na labis
nang mabunying César sa ibang capatid.
Caya ngã naman siyang nag paquita
nang casamaa,t, lupit sa boong Judea
mabangis na lubhang ualang pangalaua
palibhasa,i, dugong nangaling sa ama.
Sa di macatiis sa hirap ang bayan
sila ngã,i, nag sacdal sa mabunying César
canilang sinabi yaong cabangisa,t,
catampalasanan nitong Arquelao.
Nahabag ang César sa canilang daing
haring Arquelao nahalinhang tambing
at sa cay Caponio nama,i, isinalin
siyang mamahala,t, mag haring magaling.
Ngũni,t, si Caponio,i, nag paquita naman
nang pusong masaquim may hangãd sa yaman
caya,t, nang matanto nang bunying si César
malaqui ang galit siya,i, hinalinhan.
Ang inihalili si Marco Ambibio
di rin nacatagal iniuan ang reino

caniyang isinalin sa cay Anio Rufo
saca humalili ang Valerio Grato.
Ito namang huli iniuan ang baston
cay Poncio Pilatong siyang Gobernador
at ito rin naman ang siyang humatol
mamatay sa Cruz si Jesus na Poon.
Ang haring Herodes na sa Galilea
minsan ay gumayac at pasa sa Roma
sa harin cay César maquiquipag quita
at may bagong Ciudad ihahandog siya.
Ang Ciudad na ito ngala,i, Tiberiades
na bagong pagaua nang haring Herodes
na sa tabing dagat siya,i, nag patindig
nang cutang matibay nang hindi malupig.
Sila ay sumacay sa isa ngang barca
casama ang alipin na isang dalaga
ang ngala,i, si Ruth mabait maganda
matinis ang voces marunong cumanta.
Saca pinagaod yaong mangga tauo
at sa Bethsaida doon patutungo
ito ay sacop na nang Itureang reino
na pinaghaharian niyong si Felipo.
Cayat nang dumating sa Ciudad nang Ganlon
ang haring Felipo nama,i, sumalubong
sa caniyang palacio sila,i, pinatuloy
sabihin ang tuà nilang taga roon.
At gayon din naman yaong Herodias
sa haring Felipo esposang niliyag
caibigan dati nang haring Antipas
itong dalahira at babaying sucab.
Tanong ni Felipo sa haring Antipas
saan ang tungo mo niyang iyong lacad
sagot ay sa Roma at ang bagong Ciudad
aquing ihahandog cay César na hayag.

Ano,i, sa matapos yaong salitaan
binigyan nang cuartong pagpapahingahan
nang hating gabi na,i, sa papasoc naman
yaong si Herodias dating casintahan.
Nag salitaan na ang dalauang sucab
nangacong mahigpit ang haring Antipas
na caniyang cucunin itong Herodias
sa pag balic niyang hindi magluluat.
Sagot ni Herodias paanong pag sama
icao ay may roong sinintang esposa
sagot ni Herodes pinaalis co na
ipinadala co sa hari niyang ama.
Dahil si Herodes ang naguing asaua
anac ni Aretas hari sa Arabia
caya,t, nang magalit ay ipinadala
naturang asaua sa tunay na ama.
Malaqui ang tua nang ito,i, matatap
nitong dalahirang reina Herodias
nangaco na nga na sasamang agad
sa sinintang dating Herodes Antipas.
Nang macaraan na manga dalauang buan
nangag si oui na ang manga sucaban
sa haring Felipo,i, hindi nag pa-alay
quinuha ang reinang dating casintahan.
Nagsisacay nanga sa sadiyang litera
yaong Herodias at ang anac niya
nagtanan sa caniyang tunay na asaua
nauala ang hiya,t, sumama sa iba.
Tinatahac nila,i, bundoc caparangan
at manacanacang sila,i, dumurungao
doon sa bintana at pinagmamasdan
manga casayahan sa bundoc at parang.
Di caalam-alam sila,i, nacaquita
nang isa catauo,t, tinitingnan sila

ang lagay nang damit taga Galilea
buhoc ay mahaba at cuhay guinto pa.
Minasdang maigui nito ngang mag ina
ang anyo nang tauong taga Galilea
at sa canila rin ang titig nau mata
Herodias na hiya nag tago pagdaca.
Sapagca,t, ang titig nang dantang maamo
parang isang tunod mabisan pal so
nag tuloy pumaco sa dibdid at puso
nitong Herodias na may gauang licó.
At parang naringig siya,i, sinabihan
Herodias pagbalic sa pinangalingan
at ang dalahira ay hinahatulan
na puclin nang batò hangang sa mamatay.
Ang lilong Herodias hindi nacaimic
nanglomo ang pusò cataua,i, nanginig
ano man ang gauin parang nariringig
yaong sabing lihim nang tauong tumitig.
Naquita nang anac ang pagayong lagay
tinanong ang ina cun ano ang damdam
ang sagot sa caniya aco ay nalumbay
sa titig nang tauong matalas na puñal.
Naquita mo baga lagay niyong tauo
ang sagot nang anac oo naquita co
at ang pananamit tila galileo
hangang napalayo,i, tinitingnan tayo.
Nguni ano caya cun tinitingnan man
baquit isusuco pusô mo sa lumbay
yaong si Herodias tumungo na lamang
nilibang ang pusó at nang malimutan
At ang tauong ito ay hindi nga iba
cun hindi si Jesus na anac ni María
caniyang hinahanap si Juan Bautista
sa tabi nang Jordan pabibinyag siya.

Sa tabi rin naman nang ilog nang Jordan
ay may isang Ciudad na pinacabayan
ngala,i, Bithabarra dito,i, nangangaral
sa lahat nang tauo ang bunying si Juan.
Sa lahat nan: tribu ay nababalità
ang gaua ni Juan na cahangahanga
sa ilog nang Jordan ang caniyang gaua.
ay binibinyagan balang maniuala.
Ang manga doctores doon sa Jericó
at sa Jerusalem manga fariseo
cay Juan Bautista,i, galit na totoo
niyong pangangaral sa lahat nang tauo.
Marami ang taung sa bunying cay Juan
mangagayuma rao mangagauay naman
anang iba naman ay inaaihan
nang manga demoniong lubhang tampalasan.
Aayao tumangap nang Santo Bautismo
isinusumbong pa cay Poncio Pilato
at sa cay Antipas na dacpin ang iilo
na na cagugulo sa lahat nang tauo.
Parang natatacot yaong si Herodes
sapagcat ang baya,i, pauang umiibig
dito sa cay Jua,t, sila,i, naquiquinyig
sa madlang pangaral nang tauong mabait.
Matanto ni Juan na si Herodias
ay hipag na tunay nang haring Antipas
malaqui ang galit at siya,i, humanap
nang mabuting daan at nang macausap.
Ang asaua naman na haring Felipo
di masabing galit nang matanto ito
gaua nang asauang manga pag lililo
pagdaca,t, nag gayac nang manga soldado.
Nang matanto naman nang haring Antipas
ang canilang hocbo,i, pauang pinalabas

sa tabi nang ilog nang Jeboe sinabat
ang manga calaba,t, nang di macalampas.
Maquita nang hoebo nang haring Felipo
ang cacalabani,i, maraming totoo
umurong na muli sa canilang reino
sinabi sa haring ualang pananalo.
Natanto ni Juan na ipag pifiesta.
ang bagong nayaring Ciudad nang Libiada
sa dacong castillong ngala,i, Maqueronta
at magsisidalo ang hari at reina.
Sabihin ang gulo niyong manga tauo
sapagca at ang fiesta,i, masayang totoo
si Jua,i, pumasoc sa Ciudad na ito
casama ang caniyang manga discípulo.
Dumating sa plaza na pagdaraanan
nang haring Antipas doon ay umabang
caramihan tauo siya,i, sinusundan
acala,i, cun ano ang sadya ni Juan.
Mapamayamaya nama,i, lumabas na
ang haring Antipas casunod ang reina
si Jua,i, lumapit nang siya,i, maquita
nang hari piniguil ang cabayo niya.
Maquita nang reina,i, maliqui ang galit
dahil sa si Jua,i, gugulagulanit
pasaguian mo nga uica cay Herodes
iyang sumalubong cun ano ang ibig.
Dinguin mo Antipas ang uica ni Juan
at icao babayi na asauang tunay
nang haring Felipo ano at iniuan
ang caniyang capatid siyang sinamahan.
Aba nga nang tauo na mag aanduc-ha
sa caniyang bahay tungcol dalahira
tatablan ding pilit nang mabisang sumpa
nang Dios na Poon sa Judeang lupa.

Caya ngã Herodias icao ay magbalic
omui sa Iturea sa asauang ibig
imulat ang mata huag mong ipiquit
sa mangã aral co icao ay maquinyig.
Itinuturo co,t, siyang catuiran
ang icao omoui sa asauang tunay
sa pagca at ngãyon icao,i, inaantay
at patatauarin tanang casalanan.
Cundi ca maquinyig sumpain ca nauà
at pag batuhanan yamang dalahirà
sabihin ang galit na hindi cauasa
nitong Herodias babaying cuhila.
Natiguil ang puso nang haring Herodes
parang nasisindac dito sa naringig
yaong balang yao,i, hindi man maisip
ang uica cay Juan icao ay umalis.
Saca nag patuloy sila nang pag lacad
magmula na noon itong Herodias
iniisip nangã cun ano ang dapat
na gauin cay Juan caniyang ipahamac.
Siya,i, naquipisan sa nangagagalit
na mangã Escribas mangã Sacerdotes
canilang pinilit itong si Herodes
si Jua,i, mangyaring caniyang madaquip.
Ang haring Herodes ay napilitan din
cahit umaayo na si Jua,i, dacpin
pag sunod sa gusto nang babaying guilio
dinaquip si Jua,t, piniit sa cárcel.
Isang gabi ngãni sa loob nang Ciudad
niyong Maqueronta malaqui ang gayac
ipag pifiesta nang lubos na galac
arao nang sa haring siya,i, ipanganac.
At inanyayahan tanang caguinoohan
at mangã pinunong pauang matatapang

sa castillong ya n parang nag capisan
sa tunog nang musica auit at sayaran.
Ang manga banaying laiong magaganda
at cauiliuiling voces ni cumanta
at manga sayaran na nag papasaya
sa tanang doroong dumalo sa fiesta.
Ngunit si Herodias ano man ang gauin
loob niya,t, puso,i, pilifing aliuin
hindi rin manili at guanigant din
si Juan Bautista ay caniyang patayin.
Maquita nang hari ang gayong lagay
na di man maalio at mue-hang malumbay
cahit nalalasing siya,i, linapitan
ano baga guilio ni ca masayahan.
Nagcataon naman ay sivang paglabas
niyong si Salomé na caniyang anac
ay parang nasilao yaong si Antipas.
sa ganda nang anac nitong Herodias.
Itong si Salomé pagdaca,i, luanapit
sa pinacaama na haring Herodes
ang puso nga nito,i, parang natutulig
ang tanang doroo,i, tinalo,t, dinaig.
Cumanta na siya at saca nag sayao
tanga,i, pandereta at tinotonohan
lalong sumisigla manga cagandahan
tua ni Herodes ay ualang pag siglan.
Sa laqui nang tua baquit nalalasing
ang uica,i, Salomé icao ay humiling
nang cahima,t, ano ay aquing susundin
ang calahati man nang reino cong angquin.
Yaong si Salomé tumanong sa ina
cun ano ang dapat na hilinga niya
ang sagot nang ina,i, hinga mong maganda
sa hari ang ulo ni Juan Bautista.

Yaong si Salomé hindi nacasoay
lumapit sa hari,t, gayari ang saysay
ó haring poong co cun baga po,t, tunay
ang balang hingin co,i, pageacalooban.
Ang sagot nang hari oo nga aniya
at ang panganeo co,i, ualang pag iiba
sagot ni Salomé ang minamaganda
ibigay sa aquin ulo ni Bautista.
Pagdaca,i, nagulat ang haring Herodes
sa hiling na ito na labis nang lupit
siya,i, napatiguil pinag isip-isip
cahilingan ito,i, uala sa matuid.
Pinaayuman nga nang uanga caharap
naipangaco mo,i, dapat ang matupad
sa ma nga hari po,i, ang naipangusap
cun hindi ganapin tila hindi dapat.
Nag pataoag nanga nang isang soldado
aniya,i, buesan mo yaong calaboso
si Juan Bautista,i, putlan mo nang ulo
ilagay sa pingan at dalhin mo dito.
At yaong idulot dito sa dalaga
ang ulo ni Juan na nahiling niya
reina Herodias natua pagdaca
at masusunod din ang masamang pita.
Sumunod din agad yaong inutusan
at caniyang pinugot ang ulo ni Juan
bago pinagyamang mabuti sa pingan
saca inihandog dini sa sucaban.
Bago nga napugot ang mahal na ulo
ni Jua,i, nag bilin doon sa soldado
aniya,i, cay Herodes ay sasabihin mo
at cay Herodias na babaying lilo.
Na naririto na sa lupang Israel
ang manghihiganti nang gaua sa aquin

di co ala-ala ang aco,i, patayin
para nang canilang manga sasapitin.
At maquiquita rin ninyong Herodias
si Salomé naman saca si Antipas
sa ibang lupain layong hindi palac
doon matatapon maaauaca-uac.
At uala sino mang maaauang tauo
parusa nang Dios sa canilang tatlo
ñgayo,i, sundin muna ang utos sa iyo
narito,t, putlin mo yaring aquing ulo.
Mahandog ang ulo sa cay Herodias
aguha sa buhoc ay quinuhang agad
ang dila ni Juan ay pinag sasacsac
na nag sabing siya,i, dalahira,t, sucab.
Matapos ang fiesta sila,i, nag pahinga
at pangag si higa sa canilang cama
ñguni,t, si Antipas babalibalisa
hindi macatulog laguing nangangamba.
Parang naquiquita sa loob at isip
anino ni Juang pinutlan nang liig
dugo,i, umaagos parang nasisilip
ano man ang gauin ay di man maidlip.
Mapamayamaya,i, parang nacalimot
munting napahinga sa pagcacatulog
nanaguinip naman nang catacot-tacot
na hindi maubos maisip nang loob.
Siya,i, nacaquita nang malaquing hocbo
manga matatapang na manga soldado
ang pananandata,i, sancap na totoo
sa bundoc nang Armon doon napatungo.
Ang manga cabayo,i, parang lumilipad
at sa hocbong ito,i, ang puno sa lahat
ay isang matandang uban na ang balbas
ang dala,i, alfange galit ay di hamac.

At sa Estandarte ay may nasusulat
na nabasa rin nang haring Antipas
na ang uica,i, aco ang haring Aretas
aquing igaganti ang puri nang anac.
Cahit natutulog ang haring Antipas
pinapauisan na sa malaquing sindac
dahil sa asauang caniyang pinalayas
at ibig pacasal sa cay Herodias.
Ang hocbo ngang yao,i, galing sa Arabia
igaganting pilit puri nang Princesa
hindi tumitiguil niyong lacad nila
hangang sa dumating sa lupang Betania.
At may naquita pa na isa ring hocbo
lumabas sa Ciudad doon din ang tungo
pauang sandataban lahat nang soldado
at ang namumuno,i, ang haring Felipo.
Dalaua,i, nag quita Felipo,t, Aretas
at silang dalaua,i, capua nag usap
at naringig niya sigao na malacas
ating gugunauin bayan ni Antipas.
Saca inihanay ang canilang hocbo
si Aretas ang siya na pinacaulo
at sa huli nama,i, ang haring Felipo
ang balang maraana,i, pugnao na totoo.
Pagdating sa pampang tabi nang Corosain
nag tauid sa ilog na di man tumiguil
nag tuloy nang lacad hangang sa dumating
sa lupang Zabulon lahat lilipulin.
Parang nariringig nang haring Antipas
mangga panambitan at iniyac-iyac
nang mangga sacop niyang binigyang pahirap
nang mangga caauay leon ang catulad.
Naringig pa niya ang sigao nang madla
uica,i, sumpain din sumpain din naua

yaong Herodias lubhang dalahira
sumama sa iba na capua masamá.
Sumalubong naman hoobo nang canay
sinusunog nila buquid mangã parang
at ang mangã Ciudad ay gayon din naman
hangang Tiberiades paurang nangã pugnao.
Sa tacot nang haring Herodes Antipas
ay nag mamadaling siya lumalayas
sampong mag ina na si Herodias
saca si Salomé na caniyang anae.
At nag mamadaling sila,i, tumutanan
dumating sa Torre Strelon ang ngalan
mangã mangingisda,i, caniyang inupahan
na sila,i, isacay sa banceng landayan.
Sa Ciudad nang Tiro sila,i, napahatid
dito ngã nag tago ang haring Herodes
doo,i, si Herodias habaying malupit
nag unti unti nang siya,i, nagcasaquit.
Sila,i, napatungo sa reino nang Roma
ang haring Antipas parang umaasa
na mababaui pa ang tangang corona
dahil cay Tiberiong caibigan niya.
Ngunit namatay na ang haring Tiberio
at si Caligula humalili dito
Herodes natacot nang matanto ito
sapagcat ang hari ay mangmang na tauo.
At si Caligula,i, bucod pa sa mangmang
ay para pang olol cung iyong pagmasdan
at ang caololan nama,i, hinalinhan
nang bangis at bagsic calupit lupitan.
Ang ugaling ito,i, naquiquitang lahat
sa pagcacatulog nang haring Antipas
siya,i, nangahas din lumapit humarap
at sa haring ito siya,i, naquiusap.

Ang sagot sa caniya nitong haring olol
ang bagay sa iyo ay icao,i, itapon
sa malayong lupa at icao,i, mabaon
sa lahat nang hirap mamatay nang gutom.
Icao ay tumulong doon sa cay Sanjan
na hari sa Partos nang siya,i, lumaban
sa haring Tiberio at ito ay tunay
at capatid mo rin ang siyang may saysay.
Ang capatid mo rin ngala,i, si Agripa
ang aquing binigyan nang iyong corona
sampong cayamanan at pag aari pa
icao itatapon sa lupang España.
Si Salomé naman ay caniyang namasdan
uala mang macain at sila,i, iniuan
at si Herodías nag casaquit naman
na punó nang lepra ang boong catauan.
At nalalinan pa sampon ni Herodes
at silang dalaua,i, nacubcob nang saquit
dinaanang hirap ay hindi maisip
ang quinasapitan sila,i, nagcagalit.
Sa ganitong lagay hangang sa namatay
sa hirap at sáquit na calumbay lumbay
naquita rin nga ang manga catauan
nila ay linamon nang hayop sa parang.
Naquita rin namang nahulog sa tubig
tubig na tumigas dahilan sa lamig
yaong si Salomé naipit ang liig
pumalag-palag na,t, hindi macaalis.
Nagsisigao na nga at nag tutungayao
sinumpa ang ina na may cagagauan
pag hiling nang ulo nang bunying cay Juan
catoto nang Dios tauong lubhang banal.
Yamang inibig mo ó ina cong lilo
ang ulo ni Juan siyang macuha mo

ang cunin mo nama,i, ngãyon ang ulo co
caalam-alam ngã,i, napugot ang ulo.
Herodes naguising na parang nagulat
ang pauis sa noo ay tumatagactac
sa tanang naquita na casindac sindac
pagdaca,i, tumindig at nag malasmalas.
Anong samá aniyang mangã panaguinip
ang napagquita co na di co maisip
baca matunayan ay cahapishapis
at cahambal-hambal yaring masasapit.
Nang malalapit na ang Pascua nang Judío
pumasoc sa Ciudad ang Poong si Cristo
ang haring Herodes doroo,t, dumalo
halos nag sisicsic sa bayan ang tauo.
Nang caniyang maringãig yaong caingãyan
na sinasalubong ang Maestrong maalam
hiyao nang *hosana,i*, hindi magcamayao
ang haring Herodes nahihintacutan.
Ang boong acala,i, si Juan Bautista
yaong hinatula,t, pinapatay niya
nabuhay na mulit ipinagsasaya
nang tauo sa bayang mangã Israelita.
Nang mamatay nangã ang Poong si Jesus
niyong maipacô nang lilong Judíos
hindi ngã nalaon lahat ay nasunod
ang napanaguinip niyong balaquiot.

Fin